

Ang Iyong Gabay sa New Zealand Mga Lisensiyadong Tagapayo sa Imigrasyon

Sinumang nagbibigay ng payo sa imigrasyon ng New Zealand sa loob o labas man ng New Zealand ay dapat lisensiyado ng Immigration Advisers Authority, maliban kung sila ay exempted.

Bakit dapat gumamit ng lisensiyadong tagapayo sa imigrasyon

Kung kailangan mo ng payo sa imigrasyon, ang mga lisensiyadong tagapayo sa imigrasyon ay may espesyal na kadalubhasaan. Natugunan nila ang mga Pamantayan sa Kakayahan at sumusunod sa propesyonal na Kodigo ng Pag-uugali.

Ang Kodigo ng Pag-uugali ay nag-aatas sa mga lisensiyadong tagapayo sa imigrasyon na:

- › maging tapat, propesyonal, at magalang
- › magkaroon ng nakasulat na kasunduan sa iyo na malinaw na naglalahad kung anong mga serbisyo ang ibibigay nila sa iyo at kung magkano ang mga ito
- › magbigay sa iyo ng tuloy-tuloy at napapanahong mga update
- › maningil ng mga bayaring makatarungan at makatwiran.

Ang mga lisensiyadong tagapayo sa imigrasyon ay makakatulong sa iyo na:

- › alamin ang iyong mga opsyon sa visa at pumili ng tamang visa
- › ihanda ang iyong aplikasyon para sa visa
- › makapanirahan sa New Zealand
- › suriin kung maaari mong i-apela ang tinanggihang visa
- › tasahin ang iyong mga opsyon kung ikaw ay nasa New Zealand nang hindi legal.

Mga bayarin at serbisyo

Nagkakaiba-iba ang mga lisensiyadong tagapayo sa imigrasyon sa kanilang kadalubhasaan, sa mga bayad na sinisingil nila, at sa antas ng serbisyong inaalok nila. Maaaring nais mong makipag-usap sa ilang tagapayo bago magpasya kung alin ang pinakaangkop sa iyong mga pangangailangan.

Mga Pamantayan sa Kakayahan

iaa.govt.nz/for-advisers/competency-standards

Kodigo ng Pag-uugali

iaa.govt.nz/for-advisers/code-of-conduct

Mga lisensiyadong tagapayo sa imigrasyon

Maghanap ng isang lisensiyadong tagapayo sa imigrasyon

Ang Immigration Advisers Authority ay may online na rehistro na tumutulong sa iyo na:

- › maghanap ng isang tagapayo
- › tingnan ang mga detalye ng kontak ng isang tagapayo
- › tingnan ang kasaysayan ng lisensya ng isang tagapayo.

Maghanap ng lisensiyadong tagapayo sa imigrasyon sa: iaa.govt.nz



Digital na kard ng lisensya

Alamin kung ang iyong tagapayo sa imigrasyon ay kasalukuyang may lisensya

Ang mga kumpanya ay hindi maaaring maging lisensiyado, tanging ang mga indibidwal lamang. Ang mga lisensya ng tagapayo sa imigrasyon ay may bisa sa loob ng isang taon. Para tingnan kung ang isang tagapayo ay kasalukuyang may lisensya, maaari mong:

- › hanapin ang pangalan ng iyong tagapayo sa online na rehistro ng mga lisensiyadong tagapayo sa imigrasyon upang makita ang kanilang pampublikong profile
- › hilingin na makita ang digital na sertipiko ng lisensya ng iyong tagapayo – tiyakin ang pagiging tunay ng sertipiko sa pamamagitan ng pag-scan sa QR code na magdadala sa iyo sa pampublikong profile ng tagapayo sa online na rehistro.

Nag-iisyu lamang kami ng mga digital na sertipiko ng lisensya.

Mga taong exempted

Ang mga taong exempted ay hindi kailangang magkaroon ng lisensya upang makapagbigay sa iyo ng payo sa imigrasyon. Ang ilang mga taong exempted ay:

mga abogado sa New Zealand

Ang mga abogado sa New Zealand ay maaaring magbigay ng payo sa imigrasyon nang walang lisensya, basta't may hawak silang kasalukuyang sertipiko ng pagsasanay mula sa New Zealand Law Society.

Hanapin ang isang abogado sa: lawsociety.org.nz



Mga tagapayo sa student visa na nasa ibang bansa

Ang mga taong nasa labas ng New Zealand ay maaaring magbigay ng payo sa imigrasyon tungkol sa mga student visa nang walang lisensya. Gayunpaman, dapat silang lisensiyado upang magbigay ng payo sa imigrasyon tungkol sa anumang ibang uri ng visa (maliban kung sila ay exempted).

Immigration New Zealand

Maaari kang mag-apply para sa sarili mong visa sa New Zealand sa tulong ng Immigration New Zealand, ang opisyal na departamento ng Pamahalaan ng New Zealand.

Bisitahin ang immigration.govt.nz



Para sa kumpletong listahan ng mga exempted na tao, bisitahin ang:

iaa.govt.nz/for-migrants/who-can-give-advice

Makipag-ugnayan sa Immigration Advisers Authority

✉ info@iaa.govt.nz
0508 422 422 (libre mula sa NZ)
☎ +64 9 925 3838 (mula sa labas ng NZ)
💻 www.iaa.govt.nz

Magreklamo tungkol sa isang lisensyadong tagapayo sa imigrasyon

iaa.govt.nz/about-us/make-a-complaint/licensed-adviser-complaints/

Magreklamo tungkol sa isang taong walang lisensya

iaa.govt.nz/about-us/make-a-complaint/unlicensed-adviser-complaints/

Mga panganib ng paggamit ng taong walang lisensya at/o hindi exempted

Mga panganib

Ang mga panganib ng paggamit ng taong walang lisensya o hindi exempted ay:

- › Ibabalik ng Immigration New Zealand (INZ) ang iyong aplikasyon para sa visa. Hindi tumatanggap ang INZ ng mga aplikasyon mula sa mga taong walang lisensya na ilegal na kumikilos.
- › Maaaring hindi tapat sa iyo o sa INZ ang mga taong walang lisensya. Ang pagbibigay ng mali o mapanlinlang na impormasyon sa iyong aplikasyon para sa visa ay isang kriminal na paglabag at maaaring makaapekto ang hindi pagiging tapat sa iyong mga visa o trabaho sa hinaharap.
- › Maaaring tanggihan ang iyong aplikasyon dahil ang taong walang lisensya ay walang kaalaman o kasanayan sa imigrasyon.



Tandaan

Iwasan ang sinumang:

- › tumatangging ilagay ang kanyang pangalan sa iyong aplikasyon para sa visa
- › nagsasabi na may personal na koneksyon sa INZ
- › humihiling sa iyo na pumirma sa aplikasyon para sa visa bago pa ito mapunan. Hindi mo dapat kailanman pirmahan ang isang dokumento na hindi mo naiintindihan.

Ang tungkulin ng Immigration Advisers Authority

Ang Immigration Advisers Authority ay nagtataguyod at nagpoprotekta sa mga interes ng mga taong tumatanggap ng payo sa imigrasyon. Makipag-ugnayan sa amin kung may alam kang taong nagbibigay ng payo sa imigrasyon nang walang lisensya. Ang pagbibigay ng impormasyon sa amin ay hindi makakaapekto sa iyong katayuan sa imigrasyon.

Matutulungan ka namin na:

- › maghanap ng lisensyadong tagapayo sa imigrasyon
- › na maunawaan kung paano maging isang lisensyadong tagapayo sa imigrasyon
- › kung nakatanggap ka ng hindi magandang payo sa imigrasyon.

Hindi namin magagawa ang mga sumusunod:

- › magbigay ng payo sa imigrasyon
- › magrekomenda ng isang tagapayo sa halip na sa isa.

